

# 1

“Rowena? Rowena, Anak, bangon na. Tanghali na. May aasikasuhin ka pa ‘kamo ngayon, di ba?” sabi ni Aling Dory sa pagitan ng sunud-sunod na pagkatok sa silid ng anak.

“Oho, ‘Nay,” tinatamad na sagot ng beinte-kuwatro anyos na dalaga. Mabigat ang katawang pilit siyang bumangon at binuksan ang pinto.

“O, bakit hindi ka pa kumikilos upang mag-ayos? Pasado ala-siyete na, ah?” puna ni Aling Dory nang makapasok. “Inaantok ka pa ba?”

Umiling si Rowena. “Kanina pa ako gising, ‘Nay. Parang ang bigat lang ng katawan ko ngayon. Parang ayaw ko pang bumangon.”

“Ah, iyan ang hindi puwede. Sa ‘yo na rin nanggaling kagabi na hihintayin ka ngayon ng magsusukat sa ‘yo ng trahe de boda mo. Ipina-cancel pa ‘kamo niyon ang lahat ng kanyang appointment para sa araw na ito para lamang sa ‘yo pagkatapos hindi mo sisiputin?”

“Oho nga, ‘Nay. Kung bakit naman kasi sikat pang fashion designer ang kinuha ni Sonny upang siyang gumawa ng damit-pangkasal ko. Nakakaalangan tuloy. Parang nakakahiya. Alam naman niyang hindi ako sanay makihalubilo sa ganoong klase

ng tao,” reklamo ng dalaga.

“Kuu! Umangal pa ang batang ito. Ayaw mo ba niyan, hahangaan ang damit-pangkasal mo dahil sikat ang nagdisenyo at tumahi?” Tinapik pa ni Aling Dory ang balikat ng anak. “Ngayon pa lang ay magsanay ka nang makihalubilo sa matataas na tao, Anak. Hindi maglalao’y magiging misis ka na ng isang milyonaryo.”

Napapangiting umiling na lamang si Rowena.

“Teka, parang nahuhulaan ko na kung bakit ka nagkakaganyan. Siguro, kaya ka tinatamad na kumilos ay dahil hindi mo makakasama si Sonny ngayon, ano?” panunukso ng mahigit singkuwenta anyos na babae.

“Nay naman! Alam ko naman hong importante na magtungo ngayon sa probinsya nila si Sonny upang sunduin ang mga magulang niya para sa pamamanhikan sa atin.”

Natawa si Aling Dory.

“Bakit ho?”

“Mangyari’y nauna pa ang pagpapatahi mo ng trahe de boda kaysa sa pakikipagkasundo sa atin ng partido ng nobyo mo.” Sumeryoso si Aling Dory pagkuwan. “Ano sa palagay mo, Anak, matuloy kaya ang kasal ninyo ni Sonny? Pumayag kaya ang mga magulang niya na ang mapapangasawa ng kanilang anak ay isang mahirap lamang na kagaya mo?”

Saglit na natigilan si Rowena. “N-nangako sa akin si Sonny, Inay. Anuman raw ho ang mangyari, matutuloy pa rin ang aming kasal, at ang pangakong iyon ang pinanghahawakan ko.”

Napansin ni Aling Dory ang biglang pagkalungkot ng anak. Iniba na tuloy nito ang usapan. “O siya, gumayak ka na. Ako nama’y lalabas na. Walang bantay sa tindahan natin. Baka kanina pa may gustong bumili doon.”

Hindi pa rin tumitinag si Rowena.

“Gusto mong samahan kita?” suhestiyon ni Aling Dory bago tuluyang lumabas ng pinto.

Umiling ang dalaga. “Huwag na ho, ‘Nay. Kaya ko namang lumakad mag-isa, eh. Isa pa’y wala ring maiiwan dito sa bahay kapag pareho tayong umalis.”

“Sa bagay.”

---

Bantulot pa rin si Rowena sa paggayak matapos mawala sa kanyang paningin ang ina. Bakit nga ba tamad na tamad siya ngayon?

Pinaglabanan niya ang hindi magandang nararamdaman. Batid niyang ayaw ni Sonny nang ganoon. Ginto para rito ang bawat sandali. Kailangan ay walang masayang. Isang ugali na naging daan upang maging matagumpay sa propesyon ang kanyang nobyo.

“Aalis na ho ako, ‘Nay.” Masuyong nagpaalam si Rowena sa matandang abala sa pag-aasikaso ng mga namimili sa maliit nilang sari-sari store.

Saglit na binalingan ng tingin ni Aling Dory ang anak. “Kuu! Ang ganda talaga ng dalaga ko!” sabi nito na may pagmamalaki.

“Ang Inay talaga! Maganda na ho bang suot itong kupas na maong at t-shirt lamang?”

“Eh, di ba’t diyan ka nagustuhan ni Sonny? Sa simpleng gayak mong ‘yan?”

Tumawa ang dalaga. “Lalakad na ho ako.”

“O, sige. Mag-iingat ka, ha? Sandali ka lamang ba doon?”

“Hindi ho ako sigurado, ‘Nay. Dadaan pa ho ako sa bangko, eh.”

Tumango si Aling Dory at sinundan ng tanaw ang papalayong anak.

---

Pagkagaling ni Rowena sa shop ng kilalang fashion designer ay nagtuloy siya sa bangko. Kahapon ay pilit siyang binigyan ng tseke ni Sonny. Nagkakahalaga iyon ng sampung libong piso. Siya na raw ang bahalang mag-encash niyon. Pang-shopping niya iyon. Pambili ng damit, sapatos, pampaganda, at iba pa. Kailangan daw

ay maging elegante siyang tingnan sa harap ng mga magulang at mga kapatid nito sa oras ng kanilang paghaharap.

“N-nakakahiya naman yata, Sonny. Hindi mo pa ako asawa’y binibigyan mo na ako ng pera.” Naaalala pa niya ang kanyang sinabi kahapon sa nobyo. Pilit na ibinabalik sa palad nito ang tseke.

“Tanggapin mo ‘yan, Rowena, kung ayaw mong magkagalit tayo. Kalimutan mo ang tungkol sa hiya dahil walang-wala sa isip ko ‘yan, okay? Mag-asawa man tayo o hindi, kapag gusto kong bigyan ka ay gagawin ko. Isang pagpapatunay ng pagmamahal ko sa ‘yo.”

“Isang pagpapatunay ng pagmamahal o ikinahihiya mo ang maging gayak ko sa harap ng pamilya mo?”

Tumawa si Sonny, sabay hapit sa nobya. “Ano ka ba? Para kang bata, ah! Ni minsan ay hindi kita ikinahiya, Rowena, alam mo ‘yan. Naramdaman mo ‘yan. Sa simula’t simula pa ma’y ikaw na ang pinangarap kong maging asawa at hindi naging hadlang sa akin ang kahirapan n’yo o ang kung anumang gayak mo, di ba?

“Gusto ko lang na maging presentable ka sa harapan ng pamilya ko dahil ni munting pintas sa ‘yo ay ayokong makarinig sa kanila. Masasaktan ako. For me, napakaganda mo na sa ayos mong ‘yan, Rowena. Simpleng bestida, wala ni anumang bahid ng make-up, and I’m very proud of you.

“Pero ang pamilya ko... Nasanay sila sa akin noon na ang

*Ako Ay Sa Iyo - Angelita Abeledo*

---

mga babaeng nadidikit sa akin ay de-kalidad. At iyan ang dahilan, Rowena. Kahit sa isip lamang ay ayaw kong sabihin nila na nagkamali ako sa ‘yo, naiintindihan mo ba?’”

Ngumiti si Rowena, sabay tango. Yumakap pa siya sa nobyo. Naiintindihan na niya ang punto nito. At siya man ay ayaw makadama ng panliliit sa harapan ng partido ni Sonny.